FILE COPY
DATE: 7-27

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-14 NG HULYO, 1999, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO ............ PANG. PUNONG BAYAN
Tagapangulo
Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. ...... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar ......... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .......... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison ............ Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon ............ Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas ........... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca ............ Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan. Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor ....... Kagawad

DI-DUMALO:

Kgg. Angelito U. Limjuco ......... Kagawad

KAPASIYAHAN BLG. 157-A-99

KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 36-T'99/ KAUTUSAN SA KARAGDAGANG BADYET BLG. 01-T'99 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION IV NA INILALAAN ANG PONDO PARA SA COMMUNITY BASED PHYSICAL FITNESS AND SPORTS DEVELOPMENT NG NABANGGIT NA BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG LABING PITONG LIBO ANIMNARAAN APATNAPU'T ISANG PISO AT PITUMPU'T ANIM NA SENTIMOS (P17,641.76) NA NASA 20% BARANGAY DEVELOPMENT FUND UPANG MAGAMIT SA PAGPAPAREHISTRO NG BARANGAY PATROL VEHICLE (P4,600.00); PAGPAPAKUMPUNI NG BARANGAY PATROL/VEHICLE AT PAMBILI NG GULONG (P8,000.00) AT SA ALAGAD-ALLIANCE AGAINST DRUGS (P5,041.76).

**SAPAGKA'T,** iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 36-T'99/Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 01-T'99 ng Sangguniang Barangay ng Callios na naglalayong makapaglaan ng Karagdagang Badyet at magamit sa mga iba't-ibang gawain ng naturang barangay ayon sa isinasaad sa itaas nito;

**SAPAGKA'T,** ito ay dumaan na sa pagsusuri ng Pambayang Pinuno sa Badyet, at inirekomendang pagtibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sang. Bayan;

**SAPAGKA'T,** anuman ang gagawaing pagbabago at paglalabas ng laang gugulin ay kapapanagutan ng Sang. Brgy. IV;

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar, Bernardo E. Ison at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHAN:** Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 36-T'99/Kautusan sa Karagdagang Badyet Blg. 01-T'99 ng Sang. Brgy. ng Poblacion IV na inilalaan ang pondo para sa Community Based Physical Fitness and Sports Development ng nabanggit na barangay na nagkakahalaga ng P17,641.76 na nasa 20% Brgy. Development Fund upang magamit sa pagpaparehistro ng Brgy. Patrol Vehicle (P4,600.00); pagpapakumpuni ng Brgy. Patrol Vehicle at pambili ng gulong (P8,000.00) at sa Alagad (Alliance Against Drugs) (P5,041.76).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Poblacion IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**NAGPATUTOO:**

HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

**PINAGTIBAY:**

DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan

SANGGUNIANG BAYAN
RECORDED
BY: ______
DATE 7-27
STA. CRUZ, LAGUNA